




HEPATITIS C INFORMATION FOR IMMIGRANTS AND NEWCOMERS

CATIE

HEPATITIS C IS COMMON AMONG IMMIGRANTS AND NEWCOMERS TO CANADA.

Canadian immigrants usually acquire Hepatitis C (Hep C) in their countries of origin before coming to Canada. One in three people affected by Hep C in Canada is foreign-born, mostly from countries with high rates of Hep C. This is why it's important for you to know more about Hep C.



HEP C IS A VIRUS THAT INJURES THE LIVER.

The liver is an essential organ that helps the body fight infections, break down toxins (poisons) and drugs, digest food, and more. You cannot live without your liver.

YOU CAN HAVE HEP C AND NOT KNOW IT.

Some people can live with Hep C for 20 to 30 years or more without feeling sick, even though the virus is still injuring the liver. Over time, the liver damage gets worse, making it hard for this vital organ to function.

TREATMENT CAN CURE HEP C.



Most people need treatment to cure Hep C. Newer treatments that are easy to take are now available in Canada. They come in pill form, have few side effects, are taken for a short time and are much more effective than older Hep C treatments.

A CURE WILL CLEAR THE VIRUS FROM THE BODY BUT DOES NOT PROTECT AGAINST RE-INFECTION.

People do not develop immunity to Hep C after being cured of the virus, so it is possible to get re-infected. Taking steps to avoid re-exposure will help you continue to live well once you have finished Hep C treatment.

TESTING IS THE ONLY WAY TO FIND OUT IF YOU HAVE HEP C.

It usually takes **two** blood tests to tell whether you have Hep C.

1. The **hepatitis C antibody test** checks whether you have ever come in contact with the virus.
2. The **confirmatory test** confirms whether the virus is currently in your body.

Testing is getting simpler all the time. Speak to your healthcare provider and ensure you are receiving your confirmatory test result and not just the hepatitis C antibody test.



HEP C IS PASSED BLOOD TO BLOOD.

Hepatitis C does not spread through casual contact or by hugging, kissing or touching a person living with the virus. Nor does it spread if new or properly sterilized equipment is used during medical procedures or drug use.

The virus gets into the blood through breaks or tears in the skin or other protective layers of the body. Hep C is a strong virus—it can live outside of the body for many days. This means that the virus can be spread via dried blood.

Hep C is often transmitted by:

- Re-using medical, dental or surgical equipment that was not sterilized properly. In Canada, medical, dental and surgical equipment is sterilized properly. In some medical facilities outside of Canada, this equipment may not be properly sterilized.
- Getting a blood transfusion or organ transplant that was not screened for Hep C. In Canada, donated blood has been screened for Hep C since 1990. Some countries did not screen until more recently.



- Sharing needles and equipment used for preparing and injecting drugs (including needles, syringes, tourniquets or ties, cookers, spoons, filters, water, swabs).



- Re-using tools for piercing and tattooing (including needles, ink and ink pots) or for electrolysis or acupuncture.

Other ways Hep C can get inside the body:

- Sharing or borrowing personal care items that might have blood on them, such as razors, nail clippers and toothbrushes. This includes shaving at community barber shops, common in Pakistan and India, when razors are re-used.
- Some practices used by traditional healers that involve cutting or piercing the skin, such as wet cupping, which is common in the Middle East and West Asia, or acupuncture when new needles and sterilized equipment is not used.
- Sexual transmission of hepatitis C is not common. The chance increases with anal sex, especially when blood is present or one of the partners also has HIV or another sexually transmitted infection.
- The risk of Hep C passing from mother to child during pregnancy or childbirth is generally low in Canada. However, it might be higher in cases of children born to mothers with Hep C in other countries where healthcare practices are different.



HEP C IS DIFFERENT FROM HEP A AND HEP B.

Hepatitis A is transmitted when people unknowingly ingest fecal matter, usually through contaminated water or food. Nearly all people clear Hep A without taking medication, and the body becomes immune to the virus.

Hepatitis B can be spread when the blood, semen or vaginal fluid of a person who has the virus enters the body of another person who does not have the virus. The virus can also be passed to a baby during childbirth. Most people who get Hep B as adults clear the virus on their own and their body becomes immune to the virus. The chance of developing chronic Hep B becomes greater if a person is exposed to the virus at a young age. Those who do develop a chronic infection can go on to develop long-term liver problems. Treatment can help slow down and manage the virus. Unfortunately, chronic hepatitis B is not currently curable.

There are vaccines to protect against Hep A and Hep B, and you can get them. There is no vaccine for Hep C, but there is a cure.

SPEAK TO SOMEONE ABOUT HEP C.



Information line at Toronto Public Health

In Ontario, this province-wide information line about hepatitis, HIV and sexual health offers service in Hindi, Punjabi, Urdu, Tagalog, Mandarin, Cantonese and many other languages. When you call, you may be given a specific time to talk to a counsellor in your preferred language. They can also refer you to a clinic in Ontario to get tested.

Call toll-free in Ontario:

1-800-668-2437



Monday to Friday:
10 am – 10:30 pm
Saturday and Sunday:
11 am – 3 pm

Outside of Ontario, contact your healthcare provider.



Managing Editor: Fozia Tanveer
Design: Ty Best (tybest.ca)
Layout: David Vereschagin, Quadrat Communications
© 2018, CATIE | All rights reserved.

CATIE Canada's source for HIV and hepatitis C information

1-800-263-1638 • www.catie.ca

[f](#) [t](#) [v](#) [i](#) [@](#) /CATIEinfo

CATIE Ordering Centre No: ATI-70188
(Aussi disponible en français : ATI-70189)

Information in this brochure is not medical advice. Decisions about treatment should always be made with the advice of a doctor who knows about Hep C. Treatment changes, so talk to a doctor to get the latest information.

Production of this publication has been funded by the Ontario Ministry of Health and Long-term Care.



HEPATITIS C IMPORMASIYON PARA SA MGA IMIGRANTE AT BAGONG DATING SA CANADA



HEPATITIS C: MAS PANGKARANIWAN ANG HEPATITIS C (HEP C) SA MGA IMIGRANTE AT BAGONG DATING SA CANADA.

Kadalasang nakukuha ng mga imigrante sa Canada ang Hepatitis C mula sa kanilang pinagmulang bansa bago sila pumunta ng Canada. Isa sa tatlong taong apektado ng Hep C sa Canada ay ipinanganak sa ibang bansa, karamihan ay mga bansang may mataas na insidente ng Hep C. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga para sa iyo ang magkaroon nang mas malawak na kaalaman tungkol sa Hep C.



ANG HEP C AY ISANG VIRUS NA PUMIPINSALA SA ATAY.

Ang atay ay isang napakahalagang bahagi ng katawan na tumutulong upang labanan ang impeksiyon, linisin ang lason at toxin, salain ang gamot at tunawin ang pagkain, at higit pa. Hindi ka mabubuhay nang walang atay.

MAAARING MAYROON KANG HEP C AT HINDI MO ALAM.

May mga taong may Hep C na nabubuhay ng dalawampu (20) hanggang sa higit pa sa tatlung (30) taon na walang nararamdamang sakit kahit pinipinsala na ng virus ang kanilang atay. Sa paglipas ng panahon, lumalala ang pinsala sa atay at nahihirapan na itong gumana.

NAPAPAGALING NG GAMOT ANG HEP C.

Karamihan ng taong may Hep C ay nangangailangan ng gamot para dito. Ang mga bagong paraan ng paggamot ay mas madaling gamitin at nandito na sa Canada. Ang mga ito ay makukuha bilang "pills" na iniinom, na mas kaunti ang side-effects, mas maikling panahon ang kailangan sa paggamot at mas epektibo kumapara sa mga naunang gamot para sa Hep C.

KAPAG NAPAGALING ANG HEP C, MAWAWALA ANG VIRUS SA KATAWAN SUBALIT HINDI ITO MAGDUDULOT NG PROTEKSIYON LABAN DITO.

Hindi nakakakuha ng immunity o proteksiyon laban sa Hep C matapos gumaling mula rito, kung kaya't maaari pa ring mahawa ulit. Kailangang gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang mahawa muli at nang tuluyang mabuhay nang malusog kapag natapos na ang paggamot para sa Hep C.

SA PAGPAPASURI LAMANG MALALAMAN KUNG IKAW AY MAYROONG HEP C.

Dalawang magkaibang pagsusuri sa dugo ang kailangan upang malaman kung ikaw ay may Hep C.

- Hepatitis C antibody test:** Tinutukoy nito kung ikaw ay na-expose o nagkakontak na sa virus.
- Confirmatory test:** Tinutukoy nito kung mayroon pa ring hepatitis C virus sa iyong katawan.



Mas simple na ang pagpapasuri. Kausapin ang iyong tagapagbigay ng alagang pangkalusugan (healthcare provider) upang siguraduhing matanggap mo rin ang *confirmatory result* at hindi lamang ang Hep C antibody test.

NAIPAPASA ANG HEP C SA PAMAMAGITAN NG PAGLALAPAT NG DUGO SA DUGONG MAY IMPEKSIYON NG HEP C.

Ang Hep C ay hindi naipapasa sa pamamagitan nang kaswal na pakikipag-ugnayan sa tao gaya nang pagyakap, paghalik, o paghawak sa isang taong may Hep C. Hindi rin ito naipapasa kapag bago o istirilizado nang maayos ("properly sterilized") ang mga kagamitang pang-medikal o pang-droga.

Naipapasa ang virus sa dugo sa pamamagitan ng mga sugat o butas sa balat at ibang bahagi ng katawan na nagbibigay proteksiyon dito. Matibay ang Hep C virus—kaya nitong mabuhay sa labas ng katawan ng maraming araw. Ang ibig sabihin nito ay maaaring maipasa ang virus mula sa natuyong dugo.

Ang Hep C ay kadalasang naipapasa sa pamamagitan nang:

- Pag-uulit ng mga kagamitang pang-medikal, pang-dentista o pang-opera na hindi istirilizado nang maayos. Sa Canada, ang mga kagamitang pang-medikal, pang-dentista at pang-opera ay istirilizado nang mabuti. Sa mga pasilidad sa labas ng Canada, ang paglinis sa mga kagamitang ito ay maaaring hindi nagagawa nang tama.
- Pagtanggap sa isinalin na dugo (blood transfusion) o organ transplant na hindi nasuri kung may impeksiyon ng Hep C. Sa Canada, ang mga dugong donated ay sinimulang suriin para sa Hep C mula 1990 lamang. Samantala, sa ibang mga bansa, ang pagsusuri ng dugo para sa Hep C ay hindi sinimulang gawin hanggang kamakailan lamang.
- Pakikigamit ng karayom at mga kagamitan para sa pagtuturok ng droga (katulad ng karayom, hirlingiya, tourniquet o tali, pangluto, kutsara, piltro, tubig panginiksiyon, at bulak)
- Pag-uulit ng mga kagamitan para sa pagbutas ng tenga o katawan at gamit sa pagta-tattoo (katulad ng karayom, tinta, lalagyan ng tinta) o pag-uulit ng gamit para sa electrolysis o acupuncture.


Iba pang paraan upang makapasok ang Hep C sa katawan:

- Pakikigamit o panghihiram ng kagamitan para sa pangangalagang pampersonal na maaaring may dugo tulad ng pang-ahit, nailcutter at sipilyo. Kasama rin dito ang pagpapa-ahit sa barbero na nakagawian na sa Pakistan at India kung saan paulit-ulit ginagamit ang mga pang-ahit.
- Ilang mga nakasanayang gawain ng mga albularyo tulad ng paghiwa o pagbutas sa balat, gaya ng "wet cupping", na madalas ginagawa sa Middle East at Kanlurang Asya, o sa acupuncture, sa tuwing nag-uulit ng karayom o gumagamit ng mga kagamitang hindi istirilizado.
- Ang mahawa ng Hepatitis C sa pamamagitan ng pagtatalik ay hindi pangkaraniwan. Mas mataas ang posibilidad nito sa pagtatalik na gamit ang puwit (anal sex) lalo na kung may pagdurugo o kung ang isa sa partner ay mayroon ding HIV o iba pang uri ng sakit na nakukuha sa pakikipagtalik (sexually transmitted disease).
- Sa Canada, mababa ang panganib na maipasa ang Hep C mula sa ina patungo sa sanggol habang ipinagbubuntis at habang ipinanganak niya ito. Subalit sa labas ng Canada, lalo na sa mga bansang naiiba ang pamamaraang pangkalusugan, maaaring mas mataas ang insidenteng maipasa ito sa mga sanggol na ipinanganak ng mga inang may Hep C.



ANG HEP C AY IBA SA HEP A AT HEP B.

Naipapasa ang Hepatitis A kapag nakakain o naka-inom ng pagkain o tubig na kontaminado ng dumi ng taong may hepatitis A. Halos lahat ng taong nagka-impeksiyon ng Hep A ay kusang gumagaling kahit walang paggamot at nagiging immune o nagkaroon ng proteksiyon ang katawan laban sa virus.



Ang Hepatitis B ay naipapasa kapag ang dugo, similya o "vaginal fluids" ng taong may virus ay pumasok sa katawan ng isa pang taong walang impeksiyon. Naipapasa rin ito sa sa sanggol habang ito ay ipinapanganak. Karamihan ng taong nagkaroon ng Hep B ay kusang gumagaling mula rito at nagiging immune o nagkaroon ng proteksiyon laban sa virus. Mas mataas ang pagkakataong magkaroon ng talamak na impeksiyon (chronic infection) kapag mas bata ang edad ng taong na-expose sa virus. Ang mga nagkaroon ng sakit na pangmatagalan ay maaaring magkaroon ng talamak na problema sa atay. Napapabagal at nakokontrol ng gamot ang virus subalit hindi tuluyang napapagaling ang talamak na Hepatitis B.

Mayroong mga bakuna laban sa Hep A at Hep B at maaari mo itong makuha. Walang bakuna laban sa Hep C, subalit may gamot para dito.

MAKIPAG-USAP SA TAGAPAGPAYO TUNGKOL SA HEP C.



Linyang Pangimpormasyon sa Kagawarang Pangkalusugan ng Toronto (Toronto Public Health)

Sa Ontario, ang linyang pang-probinsyang ito ay nagbibigay impormasyon tungkol sa Hepatitis, HIV at kalusugang pangsekswal gamit ang mga salitang Hindi, Punjabi, Tagalog, Mandarin, Kantonese at iba pa. Kapag tumawag ka, maaari kang bigyan ng oras para makausap ang counselor sa salitang nais mo. Pwede ka ring payuhang pumunta sa isang klinika sa Ontario upang magpasiuri.

Tumawag ng Libre o Toll-Free sa Ontario:

1-800-668-2437
Lunes-Biyernes:
10:00 ng umaga– 10:30 ng gabi
Sabado at Linggo:
11:00 ng umaga– 3:00 ng hapon

Sa labas ng Ontario, makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng alagang pangkalusugan (healthcare provider).



Managing Editor: Fozia Tanveer
Pagsasalin: Dyan De Guzman
Disenyo: Ty Best
Layout: David Vereschagin, Quadrat Communications
© 2018, CATIE | Reserbado ang lahat ng karapatan.

CATIE Ang pinagmumulan ng impormasyon tungkol sa HIV at Hepatitis C sa Canada
1-800-263-1638 • www.catie.ca
f t i n i g /CATIEinfo
CATIE Ordering Centre No: ATI-70188

Ang mga impormasyon sa brochure na ito ay hindi payong pang-medikal. Ang mga desisyon tungkol sa pagpapagamot ay dapat gawin na may payo ng doktor na may kaalaman tungkol sa Hepatitis C. Nagbabago ang paggamot kung kaya't kausapin ang iyong doktor upang malaman ang pinaka bagong impormasyon.

Ang pondo para sa pagpapagawa ng publikasyon na ito ay nagmula sa Ontario Ministry of Health and Long-term Care.